

1

Ika-12 Pebrero, 1892...

Natatandaan ko ang araw ng una naming pagkikita dahil ilang araw na lamang ay malapit ko nang ipagdiwang ang ikalabing siyam kong kaarawan noon.

Naglalakad ako patungong palengke kasama ang aking Manang Sibila upang mamili ng panghanda sa isang munting salo-salo para sa pagdating ng aming ama mula sa isang bayan sa Bisayas kung saan ito nangangalakal.

Patawid na kami ng kalsada nang dumaan ang karitelang may lulan sa kanya. Hindi ko iyon makakalimutan dahil siya ay lumingon at ako ay napatda sa aking kinatatayuan.

May kalayuan na ang karitela ay bahagya pa rin siyang nakatingin sa akin habang waring nakikinig din sa sinasabi ng kanyang katabi sa sasakyan.

Maraming nagsasabi sa akin na ako raw ay maganda. Hindi ko sigurado kung totoo iyon dahil nagagalit si Inang kapag tumitingin ako nang matagal sa salamin. Hindi raw kasi maganda sa isang dalaga ang magkaroon ng malaking pagpapahalaga sa sariling hitsura. Ngunit nang sandaling iyon, nang makita ko ang kanyang pagkakatingin sa akin ay parang naunawaan ko kung ano ang ibig tukuyin ng mga sinasabi ng mga tao sa akin.

Sinasabi kasi ng tingin niyang iyon sa akin ang hindi ko matitigan sa salamin upang siguruhin. Ang pakiramdam ko nang oras na iyon ay para bang ako nga ay maganda....

“Olen Alejandro, saan ka ba talaga pupunta?” nakapamaywang na turan ni Malaine—best friend, staff at self-proclaimed counsellor niya.

“Malaine, for the nth time, hindi ko puwedeng sabihin sa iyo, okay? Dahil pag sinabi ko sa iyo, malalaman nina Boss Jack. At kapag may ibang nakaalam, mawawalan ng silbi ang pagpatay ko ng cellphone dahil mayamaya lang ay ipapasundo na ninyo ako para bumalik sa trabaho.”

Humaba ang nguso nito. “Ang sama mo namang mag-isip sa akin, Friend. Wala naman akong balak ipagsabi...”

Nakataas ang isang kilay na tinitigan niya ito. Nawala tuloy ang composure nito. “Okay, so I will probably tell Boss Jack.” Ngumiti siya sa kaibigan.

Sumeryoso ito. “Olen, ano ba’ng nangyayari sa iyo?”

Dahan-dahang nawala ang ngiti sa mga labi niya. Maingat na umupo siya sa gilid ng kama. “I don’t know. Parang may kailangan akong hanapin na hindi ko alam kung ano. I feel so restless. Ang hirap ipaliwanag. Ewan. Baka kailangan kong magpahinga. Baka kailangan kong mag-isip o baka tumatanda na ako.”

“Twenty-seven is not old,” singit ni Malaine.

“Basta ang alam ko, I just need to get away.”

“Alam ba ni Raul ito?”

Umiling siya.

Nanlaki ang mga mata ng kaharap. “What?”

“Isa yata siya sa kailangan kong pag-isipan.”

“Haler! Ano naman kayang kailangang pag-isipan tungkol kay Raul? The guy is absolute perfection.”

“Which is precisely the reason kung bakit kailangan kong mag-isip.”

Tumaas ang isang kilay ng kausap niya.

“He asked me to marry him,” pagtatapat niya.

“Whoa! And of course you said yes.”

Isang iling ulit ang isinagot niya rito.

Nanlaki ang mga mata ni Malaine. “Olen! You are practically everyone’s most admired couple. Lahat ng tao sa opisina natin, nakaplano na kung ano’ng ireregalo sa inyo kapag nagdesisyon kayong pakasal and now you are telling me na inaya ka na niya at humindi ka?”

“Hindi ako humindi,” paliwanag niya.

Until Forever - Carla Giopaolo

Totoong hindi niya tinanggihan ang proposal nito. Sa halip ay nag-break down siya nang ibigay nito sa kanya ang singsing. Naalala niya ang araw na mag-propose ang kasintahan...

Raul brought her to their favorite restaurant in Antipolo, overlooking the lights of Manila. Matapos ang isang romantic dinner ay inilabas nito ang isang singsing.

Hindi siya nagulat na ginawa nito iyon. Inasahan na niya iyon mula pa nang seryoso siya nitong ayain para sa hapunang iyon. Alam na niya mula pa nang nagda-drive sila patungo sa lugar na ito, kung saan niya ito sinagot at kung saan sila nag-celebrate ng kanilang first year anniversary.

Alam na niya.

Ang hindi niya alam ay ang kanyang mararamdaman nang makita niya ang singsing na inihahandog nito sa kanya.

“Olen, will you marry me?” pormal na tanong nito.

Nanatili siyang nakatitig sa singsing. Nanginginig ang buo niyang katawan. Marahan niyang iniangat ang paningin sa nobyo at nakita niya ang pagmamahal sa mga mata nito.

Raul had the kindest, loving eyes.

Noon siya nagsimulang umiyak.

“Honey, what’s wrong?” untag nito.

Hindi niya maipaliwanag ang pakiramdam sa nalilitong

boyfriend. Paano niya gagawin iyon kung ni hindi niya nga maipaliwanag sa sarili ang naramdaman?

Matagal bago siya tumigil sa kaiiyak. Sa kahulihan ay inihatid na lamang siya ni Raul sa bahay niya. Baka pagod lang daw siya o kaya ay hindi pa handang tanggapin ang ibinibigay nito.

Yeah, maybe she was just tired. Iyon din ang inisip niya nang araw na iyon. Pero hanggang ngayon ay nasa dibdib pa rin niya ang bigat na nagsimula noong araw na iyon. She had always loved Raul. He had been her friend first, and then her boyfriend. And she had always thought they would always be together. Subalit ngayon ay hindi na siya sigurado.

Ilang araw na niyang hindi sinasagot ang mga tawag ni Raul at pinagtataguan ito kapag dumarating sa opisina o bahay niya. Hindi pa niya ito kayang harapin.

Sa totoo lang, mukhang hindi niya rin kayang harapin ang kahit ano—ang trabaho niya, ang pang-araw-araw na buhay niya, maging ang sarili niya sa salamin. May mga gabing gumigising siyang umiiyak mula sa panaginip na hindi niya maalala kung ano. At some point, she began to consider that she was going crazy. Ito ang dahilan kaya naisipan niya munang lumayo.

Muli siyang humarap sa kaibigan. “Malaine, just give me this time na mag-isa. Nalilito ako ngayon. Baka kailangan ko lang ng bagong paningin sa buhay ko.”

Ika-15 ng Pebrero, 1892...

Ipinaalam sa akin ni Segunda na pinakamatalik kong kaibigan ang pagdating ng isang manggagamot na umano ay nakabili ng malaking lupaing karatig ng sa kanila. Patapos na raw ang ipinatatayo nitong bahay kung kaya dumating na ito at ang inaasikaso naman ay ang pagpapatayo ng mga bahay-gamutan sa loob ng bakuran nito.

Ipinagmalaki pa ni Segunda na magiging kapitbahay niya raw ang pinakabata at marahil ay pinakamakisig na manggagamot sa aming kabayanan, baka nga raw sa buong Pilipinas pa.

Isang araw ay niyaya niya akong sumilip sa ginagawang bahay. Alam kong hindi ako papayagan nina Inang at Manang Sibila. Anong uri ng dalaga ba naman ang sisilip sa bakod ng isang binata? Kinailangan ko pa tuloy tumakas kina Inang para sumama sa kanya.

Mababa lamang ang bakod na kawayang naghihiwalay sa maliit na bakuran nina Segunda at sa napakalawak na pag-aari ng bagong dating na manggagamot. Ayon kay Segunda ay sa ibang bansa pa ito nagtapos ng Medisina, patunay na galing nga ito sa mayamang pamilya. Wala pa akong kahit sinong kakilala na nakapag-aral sa ibang bansa.

Ang ipinagtataka ko lamang ay kung bakit kaya roon pa sa amin nito naisipang maging manggagamot gayong napakaliit

naman ng aming bayan at napakalayo pa sa Maynila.

“Naroon siya! Tingnan mo, Eleonor,” narinig kong sambit ng aking kasama.

Nakaligtaan ko na kung ano ang aking iniisip. Bumilis ang pintig ng aking puso pagkakita ko sa tinutukoy ni Segunda dahil namukhaan ko ang makisig na manggagamot. Siya iyong lalaki na lulan ng kalesa noong isang araw.

Mas simple ang kasuotan niya kaysa noong una ko siyang nakita, ngunit halata sa kanyang tindig ang kaibahan sa ibang lalaking nakapalibot sa kanya at sa mga lalaki roon sa aming lugar.

“Hindi ba napakakisig niya?” buntong-hininga ni Segunda, sabay hagigkik.

“Huwag kang maingay,” saway ko sa kanya. Nakakahiya kasi kung may makakakita sa aming ginagawa. Ngunit huli na ang lahat. Narinig marahil ng manggagamot ang ingay mula sa kinatatayuan namin. Bumaling siya at nagsimulang lumapit sa amin.

Tila sasabog ang aking dibdib at tuluyan nang tumigil ang aking paghinga lalo pa at ngumiti siya nang marahan sa aming direksyon.

“Magandang araw, mga señorita,” magalang niyang pagbati.

“Magandang araw, Señor,” narinig kong sagot ni Segunda samantalang ako ay waring tinakasan ng kakayahang magsalita.

“Maaari ba akong makipagkilala sa mga bago kong kapitbahay?” May himig ng biro sa boses nito.

Ang kaibigan ang muling umimik, “Aba naman, ay opo. Ako po ay si Segunda at ito naman po ay ang aking kaibigang si Eleonor.”

Sa akin siya nakatingin nang magsalita. “Ako naman ay si Doktor Antonio Rosales. Ikinagagalak ko kayong makilala.” Iyon lang ang kanyang nasabi bago tawagin ang kanyang pansin ng isa sa mga manggagawa. Magalang siyang nagpaalam sa amin bago tuluyang lumayo.

Ilang segundo na siyang nakaalis nang ako ay makagalaw. Kinailangan pa akong tampalin ni Segunda para mabalik sa huwisyong.

“Ano ba’ng nangyari sa iyo, Eleonor?” usisa ng aking kaibigan.

Parang nagliyab ang aking mukha sa init nang aking naisip na hindi ako nakapagsalita kahit isang beses habang naroon ang ginoong manggagamot. Tumayo lamang ako roon na tila ba ako ay isang tuod.

“Halika na nga,” aking sambit para hindi mahalata ni Segunda ang pagiging kaiba ng aking kilos. “Baka hinahanap na ako ni Inang. Mapapagalitan na naman ako. At naku, si Manang Sibila nga pala, mayroon pa siyang ipinagagawa sa akin.”

Nagmamadali naming nilisan ang lugar na iyon. Umuwi na ako sa amin. Hindi naman ako napagalitan dahil hindi nila

Until Forever - Carla Giopaolo

namalayan ang aking pagkawala, ngunit buong gabing hindi ko maintindihan ang aking kaibang nararamdaman. Hindi ko maipaliwanag.

Sa buong buhay ko ay noon lang ako nakaramdaman na para bang magsisimula ang isang napakagandang pangyayari sa aking buhay at kailangan ko iyong abangan.